

LUNGSOD NG RIPON

PAGTIGIL SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD

Layunin:

Itinatag ng Patakaran na ito ang administratibong mga aksyon ng Lungsod ng Ripon sa pagkolekta ng mga delingkwenteng bayarin, kasama ang mga paunawa, pagtalaga ng singil at pagtigil sa hindi nababayaranang serbisyo. Ang Patakarang ito ay maaring mabasa ng publiko sa website ng Lungsod. Ang Lungsod ay maaring tawagan sa telepono sa (209) 599-2108 upang pag-usapan ang mga maaring gawin upang maiwasan ang pagtigil ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad ayon sa mga termino ng patakarang ito.

Teksto ng patakaran:

Bilang sistema ng tubig na panglungsod o pangkomunidad na nagbibigay ng serbisyo ng tubig sa mahigit sa 200 na koneksyon, ang Lungsod ay sumasailalim sa Senate Bill No. 998, na isinabatas epektibo sa Pebrero 1, 2020.

Delingkwenteng Account:

Ang mga delingkwenteng accounts ay mga accounts na nanatiling hindi bayad (at walang pagkikipag-ayos o pakikipagkasundong alternatibong parran ng pagbabayad) sa pagsasara ng araw ng trabaho 10 araw makaraang mabigyan ng bill ng tubig. Ang mga sumusunod ay mga panuntunang ilalapat sa pagkolekta ng mga delingkwenteng account:

1. Mga Account na Mailiit ang Balanse:
Ang hindi bayad na balanseng \$15 or higit pa ay maaaring ituring na delingkwente kung hindi mababayaran sa tamang oras. Ang balanse maliit pa dito ay maaring i-carry over at idagdag sa susunod na billing period at hindi na mangangailangan ng anumang aksyon sa pagkolekta.
2. Singil sa Pagkahuli (Late Fee):
Kung ang bayad sa bill ay hindi matanggap pagsasara ng oras ng trabaho sa ika-20 araw matapos ang bill ay inilabas, maaring magpataw ng late fee. Ang due date at late fee ay malinaw na isasaad sa bill.
3. Pag-alis ng Singil sa Pagkahuli (Waiver of Late Fee):
Sa hiling ng kostumer, maaaring hindi na singilin ng Lungsod ang multa dahil sa huling pagbabayad nang isang beses lamang kada 12 buwan, kung mayroong mga pangyayaring hindi maiiwasan at ang kostumer ay hindi pa namultahan ng late fee dahil sa delingkwenteng pagbabayad sa nakaraang 6 na buwan.
4. Mga Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad:
Sinumang kostumer na hindi makabayad sa serbisyo ng tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humingi ng alternatibong paraan ng pagbabayad, na hindi lamang limitado sa plano ng amortisasyon o kaya ay pagpapaliban ng bayad upang hindi mamultahan o maputulan ng serbisyo. Kailangang makipag-ugnayan ng kostumer sa Lungsod isang lingo bago

maiskedyul ang pagtigil ng serbisyo. Kailangan tingnan ng Lungsod ang sitwasyon ng kostumer kaugnay ng kahilingan at aprubahan or tanggihan ang pakiusap ayon sa kanyang diskresyon.

a. Pagpapaliban ng Pagbabayad

Maaaring makontak ng mga kostumer ang Finance Department upang humiling ng palugit na panahon sa pagbabayad. Ang Lungsod, sa kaniyang diskresyon, ay maaari lamang magbigay ng ekstensiyon sa mga kostumer na hindi hihigit sa dalawang beses sa loob ng isang calendar year. Ang ekstensiyon ay ipagkakaloob lamang kung ang kostumer ay walang kasalukuyang amortisasyon para sa nakaraang delingkwenteng balanse. Ang mga ekstensiyon ay mananatiling nasa diskresyon by Finance Director o ng kaniyang inatasan at hindi magiging mas matagal sa Huwebes ng kinapapaloobang linggo ng pagtigil ng serbisyo o shut-off day.

b. Planong Amortisasyon:

Paraan ng pagbabayad na kung saan ay pinapayagang ang hindi nabayaran halaga ay mabayaran ng kostumer sa panahong kanyang tinukoy, na hindi lalampas ng 12 buwan, ay tinatawag na planong amortisasyon ayon sa patakarang ito. Ang planong amortisasyon ay dapat na nakasulat at nilagdaan ng kostumer. Ang bayad sa amortisasyon ay isasama sa siingil at isasabay sa petsa ng regular bill ng kostumer. Dapat na sumunod ang kostumer sa mga takda ng planong amortisasyon at dapat bayaran nang buo ang lahat ng singil sa bawat kasunod na billing period. Hindi maaaring humiling ang kostumer ng mas mahabang iskedyul ng pagbabayad para sa anumang ksumusunod na hindi bayad na bill habang nagbabayad ng mga delingkuwenteng bayarin alinsunod sa naunang napagkasunduang iskedyul.

c. Nabigong Tumugon sa Alternatibong Paraan ng Pagbabayad:

Ang hindi pagsunod sa mga nasasaad sa napagkasunduang alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay mag-reresulta ng pag-isyu ng pinal na paunawa ng intensyong ititigil ang serbisyo. Ang pinal na paunawa sa pagtigil ng serbisyo ay ipapaskil sa isang hayag na lugar pa tirahan ng kostumer hindi bababa sa 5 araw ng trabaho bago ang pagtigil ng serbisyo. Upang ma-rekonek ang natigil na serbisyo, ang kostumer ay nangangailangang magbayad ng kabuuang balanse sa napagkasunduang alternatibong pagbabayad at ang mga iba pang balanse ng serbisyo na past due.

5. Nakasulat na Paunawa sa Pagtigil ng Serbisyo:

Hindi ititigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig ng dahil sa hindi pagbabayad maliban kung delingkwente na ang pagbabayad nang hindi bababa sa 60 na araw. Ang nakasulat na disconnection notice ay ipapadala sa koreo sa address na nakasaad sa account. Ang nakasulat na disconnection notice ay isa ring buwanang bill na may naka-“watermark” na nagsasaad ng “DISCONNECTION NOTICE”. Kung magkaiba ang mailing address at ang address ng property o pag-aari kung saan ang serbisyo ng tubig ay ipinagkakaloob, isa pang paunawa ang ipapadala gamit ang koreo sa lugar na sineserbisyuhan na naka-address sa “Occupant”. Ang nakasulat na disconnection notice ay maglalaman ng mga sumusunod:

- Pangalan at address ng kostumer;
- Halagang delingkwente;
- Petsa kung kailan dapat magbayad or magbayad ng ipinagkasundong paraan ng pagbabayad upang hindi maputol ang serbisyo
- Paglalarawan ng proseso sa pag-apply para sa palugit sa panahon ng pagbabayad ng utang na halaga
- Paglalarawan ng proseso sa pag-apply ng alternatibong paraan ng pagbabayad

- Paglalarawan ng pamamaraan sa petisyon para sa pagrerebisa at pag-apela ng bill
- Numero ng telepono at link sa website ng Lungsod para sa nakasulat na pataran sa paniningil.

Kung ang sulat na paunawa para sa pagputol ng koneksyon ay hindi natanggap ng kostumer, ang lungsod ay gagawa ng lahat ng makakaya upang mapuntahan ang tirahan at magpaskil sa isang hayag na lugar sa tirahan ng paunawa sa gagawing pagtigil ng serbisyo dahil sa di pagbabayad.

6. Deadline ng Pagtigil ng Serbisyo:

Lahat ng delingkwenteng singil at iba pang kaugnay na bayad para sa serbisyo ng tubig ay kailangang matanggap ng Lungsod nang hindi lalampas sa 8:00 a.m. sa araw na nakasaad sa sulat na disconnection notice.

7. Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad:

Ititigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng pag-sara, o sa ibang kaso ay sa pag-tarangka, ng koneksyon. Bago itigil ang serbisyo, padadalhan ng sulat na disconnection notice ang kostumer na hindi bababa sa 5 araw ng trabaho bago ang takdang pagputol ng serbisyo. Sisingilin ng multa ang kostumer para ipakabit muli ang koneksyon na itinigil nang pisikal. Ang koneksyon ay itatarangka sa "off" na posisyon kung hindi matatanggap ang kabayaran sa loob ng 24 oras matapos ang inisyal na pagtigil. Magbibigay rin ang Lungsod ng Paunawa sa kostumer kung paano maibabalik ang residensyal na serbisyo ng tubig kung ang serbisyo ay naitigil.

8. Pagbalik ng Serbisyo:

Upang ibalik o ituloy ang serbisyo ng tubig na pinutol dahil sa hindi pagbabayad, dapat bayaran ng kostumer ang reconnection fee (\$27.50) at ang nakaraang balanseng hindi bayad. Sisikapin ng Lungsod na ibalik ang serbisyo sa pinakamadaling panahong makakaya at sisikapin, bilang minimum na magagawa, na mapanumbalik ang serbisyo sa pagtatapos ng sumunod na regular na araw ng trabaho matapos magbayad ng delingkwenteng singil at reconnection fee. Ang pag konektang muli ng pinutol na serbisyo ng isang hindi awtorisadong idibidwal na hindi kawani ng Lungsod ay papatawan ng multa at iba pang singil. Anumang sira na mangyari sanhi ng hindi awtorisadong pagbalik ng serbisyo ay responsibilidad ng kostumer.

9. Pagbalik ng Serbisyo sa Labas ng Oras ng Trabaho:

Ang serbisyong ibinalik makalipas ang 4:00 pm Lunes hanggang Biyernes, Sabado , Linggo, o holidays, ay magkakaroon ng karagdagang singil para sa singil sa pagbalik ng serbisyo sa labas ng oras ng trabaho. Ang kasalukuyang singil sa pagbalik ng serbisyo sa labas ng oras ng trabaho ay \$145.00. Ang serbisyo ay hindi ibabalik makalipas ang regular na oras ng trabaho maliban kung nasabihan ang kostumer ng singil sa pagbalik ng serbisyo sa labas ng oras ng trabaho at binayaran ito kasama ng bayad ng nakaraang balanseng dapat bayaran. Ang mga kabayaran ay dapat matanggap at maberipika sa loob ng oras ng trabaho sa City Hall bago sabihan ang staff na ibalik ang serbisyo sa labas ng oras ng trabaho. Ang staff ng Lungsod na magbabalik ng serbisyo ay hindi awtorisadong tumanggap ng bayad.

Minsan, itinitigil ang serbisyo ng tubig dahil sa ito ay bagong account at hindi pa natatanggap ng Lungsod ang hiling na ikabit nang serbisyo. Kapag ikinabit ang serbisyo sa labas ng normal na oras ng trabaho dahil kailang pang simulan ng kostumer ang serbisyo, kailangang nabayaran na ng kostumer ang singil sa pagbabalik ng serbisyo na \$27.50 bukod pa sa singil sa pagbabalik ng serbisyo na ginawa sa labas ng normal na oras ng trabaho.

10. Paunawa para sa Disposisyon ng Tsekeng “Non-Negotiable”:

Kapag nakatanggap ng tsekeng “non-negotiable” bilang bayad sa serbisyo ng tubig at iba pang mga singil, ito ay ituturing na hindi bayad ng Lungsod. Gagawin ng lungsod ang lahat ng paraan upang maipaalam sa kostumer ang tungkol sa bumalik na tseke o check.

Ang serbisyo ng tubig ay mapuputol kung ang halaga ng ibinalik na tseke at ang kaukulang singil ay hindi nabayaran bago ang nakalagay na petsa sa ibinigay na paunawa. Lahat ng sinisingil upang maiayos ang bumalik na tseke at singil sa pagkagamit ng bumalik na tseke ay kailangang bayaran gamit ang cash, credit card o certified funds.

11. Mga Tsekeng “Non-negotiable” para sa Dating Naputol na Serbisyo:

Kapag ang isang kostumer ay nagbigay ng non-negotiable check bilang bayad sa papapakabit ng serbisyo ng tubig na dating itinigil dahil sa hindi pagbabayad at ang serbisyo ay muling naikabit ng Lungsod, maaring kaagad na tanggalin ng Lungsod ang serbisyo nang walang binibigay na paunawa. Isang sulat kung saan nakasaad ang dahilan ng pagputol ng serbisyo ang ipapaskil sa hayag na lugar sa pag-aari ng kostumer.

Sinumang kostumer ang magbigay ng 2 non-negotiable checks sa loob ng 6 na buwan ay kailangang magbayad gamit ang cash, credit card o certified funds sa susunod na 6 na buwan.

12. Pagtigil ng Serbisyo para sa mga Kustomer na Mababa ang Kita:

Hindi ititigil ng Lungsod ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad kung lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay mapatutunayan:

a. Patunay na Low-Income

Maipapakita ng kostumer na wala siyang kakayanang pinansyal na bayaran ang residensyal na serbisyo ng tubig sa loob ng normal na siklo ng paniningil ng Lungsod. Ang kostumer ay masasabing walang kakayanang pinansyal upang magbayad para sa residensyal na serbisyo sa loob ng normal na siklo ng paniningil kung may isang miyembro sa kabahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o kung ang kostumer ay nagdeklara na ang kabuuang kita sa buong taon ng kaniyang kabahayan ay hindi hihigit sa 200 porsyento ng federal poverty level.

b. Sertipikasyon ng Primary Care Provider

Ang kostumer ay nagsumite sa Lungsod ng sertipikasyon ng isang Primary Care Provider (General Practitioner, Obstetrician/Gynecologist, Pediatrician, Family Practice Physician, Primary Care Clinic, Hospital, o Outpatient Clinic) na ang pagtigil ng serbisyo ng tubig ay magdudulot ng banta sa buhay o malubhang pagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng kahit na sinong residente sa lugar kung saan ang serbisyo ng tubig ay ipinagkakaloob.

c. Pagsang-ayon sa isang Alternatibong Paraan ng Pagbabayad

Ang kostumer ay pumapayag na pumasok sa isa sa mga alterantibong paraan ng pagbabayad na nababalangkas sa seksyon 4 ng Patakaran na ito.

Kung matugunan ng kostumer ang mga pangangailangan ng seksyong ito, mag-aalok ang Lungsod ay magaalok sa kostumer ng isa o higit pa, sa mga sumusunod na alternatibo:

a. Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad na naaayon sa Seksyon 4 (a) ng Patakarang ito

b. Hulugang pagbabayad ng mga hindi nababayarang balanse na naaayon sa Seksyon 4 (b) ng Patakarang ito.

Para sa mga kostumer na mababa ang kita (na nakasaad sa sub-seksyon (a) ng seksyong ito, iuuring ang pagsingil ng interes sa mga delingkwenteng bills nang isang beses lamang kada 12 buwan, kung hihilingin.

Ugnayang Landlord-Tenant

1. Nakasulat na Paunawa at Pagbibigay Alam sa Umuupa na Maari Silang Maging Kustomer

Para sa mga naninirahan sa isang solong bahay para sa isang pamilya, isang multi-unit na istraktura ng tirahan, parke ng mobilehome o permanenteng istraktura ng tirahan sa isang labor camp na tumatanggap ng mga kanya-kanyang metro, at ang may-ari ang customer na nasa talaan, gagawin lahat ng Lungsod ang kanilang makakaya upang ma sabihan ang lahat ng mga nakatira sa pamamagitan ng sulat kung kailan ang account ay mga kailangang bayaran na magresulta ng pagtigil ng serbisyo 10 araw ng kalendaryo bago ito itigil. Ang sulat na paunawa ay magbibigay alam din sa mga naninirahan na sila ay maaring maging customer, kung saan ang singil sa serbisyo ay maibibigay, na di kasama ang mga kailangang bayaran dahil sa delingkwensiyang account.

2. Pagbibigay ng Serbisyo sa mga Naninirahan

a. Ang Lungsod ay hindi kailangang magbigay ng serbisyo sa mga nakikipanirahan maliban na lamang kung ang nakikipanirahan ay sumasang-ayon sa mga patakaran at kondisyon ng serbisyo at sumusunod sa mga kailangan ng batas.

b. Kung may isa o mahigit pa sa mga nakikipanirahan ang gusto at kayang kunin ang responsibilidad sa mga susunod na singil sa account na naayon sa kagustuhan ng Lungsod o ang Lungsod ay may kakayanang legal na tapusin ang serbisyo sa mga naninirahang hindi nakakasunod sa mga kinakailangan ng Lungsod, maaring ibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga naninirahang nakakasunod sa kailangan ng Lungsod.

c. Kapag ang serbisyo nakatakdang haba ng panahon ay isang kondisyon upang ang naninirahan ay magkaroon ng kedibilidad sa Lungsod, ang paninirahan at patunay ng tamang pagbabayad ng upa o mga kailangang bayarang obligasyon ay katanggaptanggap Lungsod sa loob bilang katumbas na requirement.

3. Nakahiwalay na Single-Family Dwellings – Paunawa at Mga Kailangan para ma-waive ang Halagang Dapat Bayaran.

Para sa detached aingle-family dwelling o tirahan, ang paunawa ay dapat maibigay nang bago mag 7 araw sa kalendaryo bago magputol ng serbisyo. Upang hindi singilin ng Lungsod ang halagang delingkwente, ang naninirahan namaaring maging kostumer ay kailang magpatunay na ang nakatalang kostumer sa account ay ang landlord, manager, ahente ng tinitirahan. Ang beripikasyon ay maaring sa pamamagitan ng kasunduan sa pag-renta, resibo sa binayarang upa, government document na nagpapakitang umuupa lang ang nininirahan sa property, or impormasyong ibinigay ayon sa Civil Code 1962.

Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig Dahil sa Iba Pang Paglabag

Ang Lungsod ay may karapatang magpatigil ng serbisyo ng tubig dahil sa kahit anong paglabag sa mga batas, ordinansa at regulasyon ng Lungsod maliban sa di pagbabayad.

Reporting

Ang Lungsod ay kailangang mag-report ng bilang ng mga itinigil na serbisyo sa loob ng isang taon sa dahilang di makabayad sa kanilang website at sa State Water Resources Control Board.

Pagkakaroon ng Patakarang na Ito

Ang patakarang ito ay nakasulat sa Ingles, ang mga wika na nakalista sa Seksyon 1632 ng Civil Code, at iba pang wikang ginagamit ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga taong nakatira sa Lungsod na tumatanggap ng serbisyo ng tubig. Ang patakarang ito ay nakapaskil din sa website ng Lungsod.

Pagkontesta o Pag-Apela sa Bill:

Ang kostumer ay maaring gumawa ng pormal na pagkontesta o paghingi ng apela tungkol sa bill sa Administrative Officer, o sa kanyang naatasang kawani. Ang apela ay kailangang magawa sa loob ng 60 araw ng petsa ng billing. Pagkatanggap nito, ang Administrative Officer ay magrerebisa ng kahilingan at sasagot sa kostumer sa loob ng 10 araw ng trabaho. Kung ang kustomer may apela sa Administrative Officer o kanyang kinatawan, hindi maaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kahit na di pa nabayaran ang bill habang may nakabinbing apela.

Pagpapadala ng Bills/Paunawa

Ang Lungsod ng Ripon ay gumagawa ng lahat ng paraan upang mapadala ang buwanang bills at paunawa sa pamamagitan ng koreo. Ngunit ang Lungsod ng Ripon ay hindi responsable kung mawala o hindi makarating ang bills o paunawa dahil sa mga problema sa koreo. Ang maagap na pagsasabi ng pagbabago sa tirahan ay reponsibilidad ng account holder. Responsibilidad din ng account holder na mabayaran ang kanyang bill sa tamang petsa dumating man o hindi dumating ang kanyang bill. Maari ding gumawa ng account ang Kostumer sa www.cityofripon.org kung saan sila ay mabibigyan ng paraan upang makita ang bago at mga dati nilang bills, at pwede na rin silang magbayad gamit ang credit card o debit card online. Ang mga babayaring particular sa oras ay dapat na ginagawa ng may-ari sa City Hall bago mag deadline. Bayad na ginawa online gamit ang bangko ng kustomer ay aabot ng 10 araw bago matanggap ng Lungsod kaya baka di na ito umabot sa oras ng pagputol ng serbisyo.